**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**
**News and Information Bureau**

**PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH**
**HOSTED BY PCOO UNDERSECRETARY ROCKY IGNACIO**
**AND MR. ALJO BENDIJO**
**June 13, 2020 (11:04 A.M – 12:09 P.M.)**

**USEC. IGNACIO:** Magandang umaga Pilipinas. Isang araw na naman po na siksik sa impormasyon ang aming hatid ngayong araw ng Sabado.

**BENDIJO:** Good morning, Usec. Muli nating bibigyan nang linaw at kasagutan ang mga katanungan tungkol sa mga ipinatutupad kaugnay sa ating pagharap sa tinatawag na new normal. At sa ngalan po ni Secretary Martin Andanar, ako si Aljo Bendijo.

**USEC. IGNACIO:** Kasama pa rin ang mga kawani ng iba't ibang ahensya, aalamin ang mga konkretong tugon ng pamahalaan sa krisis pangkalusugan na kinakaharap ng bansa. Mula sa PCOO, ako po si Undersecretary Rocky Ignacio at ito ang Public Briefing #LagingHandaPH.

At upang sumagot sa mga tanong nga bayan, maya-maya lamang po makakasama natin sa programa sina Philippine Charity Sweepstakes Office General Manager Royina Garma; Financial Executive Institute of the Philippines National Affairs Committee Chairman Eduardo Yap; Philippine Chamber of Commerce and Industry President Ambassador Benedicto Yujuico; at DOH Undersecretary Maria Rosario Vergeire.

**BENDIJO:** Makakasama rin natin sa paghahatid report ang mga PTV correspondents mula sa iba't ibang probinsya at ang Philippine Broadcasting Service. Para naman sa inyong mga katanungan, maari kayong mag-comment sa live streaming ng ating programa sa PTV Facebook page.

At sa puntong ito, makakausap natin si PCSO General Manager Royina Garma. Magandang araw po, GM Garma.

**PCSO GM GARMA:** Magandang umaga din po sa inyo Usec. Ignacio and Aljo. Good morning po.

**BENDIJO:** Opo. Sa tala po ng PCSO ma'am, aabot na sa mahigit 27 billion ang tulong na naipamahagi ninyo para sa ating mga kababayan. Ano po iyong ilang serbisyong medikal at programa ng PCSO na inihatid natin sa kanila at pati na rin sa ating mga medical frontliners, GM?

**PCSO GM GARMA:** Sa ngayon, mula po noong nagsimula po itong pandemic na ito, even noong nagkaroon po ng lockdown, patuloy po iyong pamimigay namin ng tulong through iyong Medical Access Program po namin. At nagkaroon din ng online application for Metro

Manila at ang probinsya din po ay nagkaroon po ng access. In fact, nag-a-average po nang 30 million per week iyong naipamimigay naming tulong through this Medical Access Program.

Pagdating naman po doon sa programa naming ambulance donation o iyong patient transport vehicle, iyon pong mga nabili po namin noong later part of 2019 ay nagkaroon na po ng dalawang batch na distribution sa mga LGUs po kahit po nagkaroon po tayo ng lockdown. So ang naipamahagi po namin ay mostly po Luzon kasi po nahirapang bumiyahe ang Mindanao at Visayas at umaabot po nang mahigit singkuwenta o 50 patient transport vehicle din po iyong napamigay namin.

And then sa mga hospitals din po naman, mahigit kumulang 300 million po iyong napamigay namin para po mapa-improve po or pambili ng iba pang mga equipment at gamit ang mga hospital para po dito sa pag-address po ng ating pandemic. So tuluy-tuloy po iyong mga financial assistance na naipamimigay namin despite of the lockdown and suspension of all our games.

**BENDIJO:** Opo. GM para mas mapabilis ang pagbibigay serbisyo sa mga nangangailangan nating mga kababayan, mayroon po iyong PCSO na tinawag na one-stop shop. Ano bang maaring asahan ng ating mga kababayan po diyan?

**PCSO GM GARMA:** Yes, sir. Inaayos po namin iyong sistema din po namin. Ang lahat po ng branch offices natin ay puwede pong lumapit ang atin pong mga nangangailangan, na um-access ng ating charity assistance. Mayroon din pong online application na po for our medical assistance. So i-open lang po iyong link po ng PCSO at doon na po nila makikita lahat po iyong programa ng PCSO.

Iyong one-stop shop naman is nasa second floor po ng PCSO building diyan po sa Mandaluyong. Doon po namin in-establish iyon para sa ganoon ‘pag may mga—halimbawa po mag-resume na iyong operation ng—more on the gaming side kasi po ito, ‘pag mag-resume na po iyong operation ng gaming namin, iyong pag-access po na para i-claim po iyong mga premyo at pag-apply po bilang our agents ng mga Lotto at Keno ay sa isang lugar na lang po sila aasikasuhin. There’s no need na palipat-lipat sila ng opisina.

Iyon pong access sa medical naman po ay pinipilit po naming mai-launch namin nationwide. Nai-test run po namin sa Manila at very effective naman po at soon we will launch it naman po nationwide once na handa na po iyong aming server na i-accommodate po buong Pilipinas.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Good morning, GM Garma. Unahin ko lang po iyong mga naunang mga tanong natin dito ng taumbayan. Ano daw po ang mangyayari doon sa kanilang naging pagbili ng ticket ng Lotto isang araw po bago nag-lockdown?

**PCSO GM GARMA:** Oo. Ganito po iyan ma’am, once na we will resume operation, magkakaroon po ng—15 days po ito na magkakaroon po ng special draw. So ang advance na

pagbili ng ticket [garbled]. So itong 6 days na nakabili na po iyong mga taumbayan ng advanced ticket, ido-draw po namin iyan once na mag-resume kami, that will take 15 days po.

Actually nag-simulate na kami ng draw, so iyong 6 days draw, gagawin po namin nang 15 days sa simulation po namin and then we will—kung mananalo sila, ang importante lang po is naitago po nila ang mga tickets nila. So valid pa rin po lahat po iyon.

**USEC. IGNACIO:** Okay. GM ngayon po kasing nalilimitahan na rin ang pagpunta sa mga opisina, hinihikayat ninyo ba iyong ating mga kababayan na magpasa na lang po ng kanilang application online? Paano ba iyong magiging proseso para dito? Ito po iyong mga humihingi po ng tulong sa PCSO.

**PCSO GM GARMA:** Yes po Usec., sa Manila po online na po tayo, nasimulan na po natin. Baka iro-rollout namin buong Pilipinas pero may problema lang po kasi kami ngayon sa system namin. Nahihirapan ho i-accommodate kung buong Pilipinas. Pero ang Manila po, online na po. Kasi po ang Manila po, sa amin umaabot po nang mahigit limandaan ang nag-a-apply ng tulong per day. So talagang kung accommodate mo iyan nang hindi online, mataas po iyong exposure na baka magkahawaan kung sakali pong mayroong may sakit.

So Manila lang po, iyon muna. Sa probinsya kasi manageable pa po. may mga protocols na po kami in place sa provinces po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. GM alam naman po namin na napakalaki po ng tulong ng PCSO doon po sa ating mga kababayang mahihirap. Ang tanong naman po ng marami nating kababayan: kailan daw po magbabalik ang operasyon ng mga Lotto outlet; at kung sakali, ano naman po iyong mga minimum health protocols na dapat nilang sundin sakali pong magbukas ulit ito?

**PCSO GM GARMA:** Okay. Doon po sa pagre-resume po ng operations namin, kami po'y sumulat na po sa office ng ating Presidente. Hinihintay na lang po namin iyong approval at may mga tinatapos din po kaming mga requirement din po, like Board hopefully will approve within this week, iyong minimum standards ng health protocols na isi-set namin.

But usually, ito'y aligned naman sa IATF resolution. Una, of course you will implement iyong use of face mask. We will not accommodate iyong mga gaming public na tumaya kung wala po silang suot na face mask, same po sa ating mga outlets na kailangan naka-face mask sila. Second po, we will strictly implement iyong social distancing po, at least one to two meters apart po iyong linya para may tumaya po. Pangatlo, we will also make it a requirement, iyong magkakaroon po ng screen or ng proteksyon doon sa mga booth natin sa pagitan po ng ating agent at saka sa ating mananaya.

So iyon po iyong pinaka-minimum na standard na isi-set namin but there are still other details din po idagdag namin, sa tingin namin na kakailanganin para po magiging safe po iyong ating mananaya at ating mga agents.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Kaugnay diyan, para po mas maiwasan nga iyong face-to-face contact, kasi nga kailangan na nating ipatupad iyong new normal, kasama na iyong mga tumataya sa Lotto. Posible rin ba daw pong magkaroon ng digital system pagdating sa pagtaya sa Lotto? Pupuwede po ba ito or i-encourage ninyo po ito?

**PCSO GM GARMA:** Ini-encourage na po namin, in fact nasa implementing rules and regulations po namin hindi lang po sa Lotto but especially sa STL po na laro. Kasama rin po sa aming proposal ang paggamit na po ng mobile application at ang pag-allow na gumamit ng automated betting machine kung saan hindi na po kailangan ng face-to-face betting but ito nga, through this mga marketing tools ay makaka-access ng taya po ang ating mga manlalaro.

So we have already set the technical specification na puwedeng gamitin ng mga agents natin. It is connected to PCSO and this is still subject to board approval pero nakasalang na po ito sa board. Hopefully ma-approve, we can now inform our agents [garbled]. Ito po ay parang kapalit po ito noong—may nakalagay kasi 50% of the workforce lang ang allowed para makapag-start ng game at lahat po ng mga agents namin 21 years old below at saka 60 years old above ipinagbawal din namin sila na mag-operate. So, ang ipapalit po ay is the use mobile application at itong mga betting machines po. Medyo it will take time kasi they have to invest at siguro mga two to three months po ito.

**BENDIJO:** GM, iyong tulong po na ipinaabot na ng PCSO doon po sa mga nawalan na ng trabaho ngayong may pandemic katulad ng lotto tellers at iba pang mga empleyado ng inyong tanggapan, kumusta na po?

**GM GARMA:** Last week pa po namin naipamahagi na po iyong financial assistance sa aming mga tellers, maliit lang po iyon, pero sana po nakatulong. They received P3,000 each po sa Lotto and Keno agents po natin.

**BENDIJO:** Opo at dahil po dito sa COVID-19. Gaano po kalaki ang naging impact o epekto ng community quarantine, katulad po sa Metro Manila ngayon na naka General Community Quarantine, diyan po kita ng PCSO?

**GM GARMA:** Medyo malaki po, ang estimate po namin is P30 billion per quarter po. So most likely mga P30 billion po iyong nawala po na maaring kinita po ng aming ahensiya mula po noong nag-lockdown.

**BENDIJO:** Maraming salamat po sa inyong oras PCSO General Manager Royina Garma. Thank you, Ma'am.

**GM GARMA:** Thank you din po, magandang umaga.

**USEC. IGNACIO:** Sa puntong ito makakausap naman natin si Financial Executive Institute of the Philippines national affairs committee chairman Eduardo Yap. Magandang araw po.

**CHAIRMAN YAP:** Magandang umaga po.

**USEC. IGNACIO:** Sir, isa po ang inyong organisasyon na humihimok na magkaroon po ng financial assistance ang pamahalaan para po makatulong sa ating mga kababayan. Ano po ang masasabi ninyo sa naging mekanismo ng pamamahagi ng first tranche ng Social Amelioration Program at iba pang financial assistance ng pamahalaan?

**CHAIRMAN YAP:** Unang-una, [garbled] ay temporary. We have to [garbled] response accordingly. Hindi ito [garbled] financial system at iyong nangyari po ay hindi dahil sa atin, hindi natin gawa. Ang kailangang iyong pagsuporta na galing sa gobyerno [garbled] sa mga nawalan ng trabaho at iyan ginagawa na sa Bayanihan We Heal as One Act or RA11469, iyong tinatawag na social amelioration, para pagtulong sa mga walang trabaho.

**USEC. IGNACIO:** Bilang national affairs committee chairman po ng FINEX anu-ano po ba iyong pagsubok na nakikita ninyong kinakaharap ng business and financial sectors sa gitna po ng ating dinaranas na krisis hatid po ng COVID-19.

**CHAIRMAN YAP:** Ang mas mahirap na challenge [garbled] takot na mahawaan ng COVID. Ang pagnormal ng negosyo ay hindi kaagad. Ang mangyayari dito is [garbled] restaurants, hotels maging mahina ang consumer demand sa umpisa. [garbled] Iyong kawalan ng power ng empleyado ay na [garbled] doon sa mga ayuda na binibigay ng gobyerno. [garbled] ay magno-normalize iyan although gradually 'no.

Doon naman sa bawat negosyo [garbled] ang demand. So sa supply side, kinakailangan din i-calibrate itong bawat [garbled] i-calibrate iyong kanilang operations upang hindi [garbled] kapital nila, ilalagay nila sa imbentaryo na hindi naman nabibili, [garbled] sa serbisyo na hindi naman kailangan pa ng merkado. Ito ang kailangang gawin ng bawat negosyo.

**USEC. IGNACIO:** Isa po ang inyong organisasyon na humimok nga po na magkaroon ng financial assistance. Uulitin po natin iyong tanong natin kanina. So, ano po iyon mekanismo po na dapat ginagawa ng pamahalaan sa pamamahagi po ng ating first tranche ng SAP?

**CHAIRMAN YAP:** Iyong [garbled] RA 11469 at ang FINEX, malaking role ang ginawa ng FINEX diyan [garbled].

**USEC. IGNACIO:** Sir, pasensiya na po, sir, babalikan po namin kayo para po—kukuha kami ng magandang linya para naiintindihan natin ang inyong mga sinasabi para po sa kaalaman ng ating publiko. Pasensiya na po babalikan namin kayo. Salamat po.

**BENDIJO:** Usec. Sa puntong ito naman tayo ay dumako sa pinakahuling mga report mula sa iba't ibang lalawigan sa buong kapuluan. Mula sa PBS, Philippine Broadcasting Service. Makakasama natin Dennis Principe.

(NEWS REPORTING)

**BENDIJO:** Maraming salamat Dennis Principe.

**USEC. IGNACIO:** Sa loob po ng tatlong buwang pagpapatupad ng community quarantine isa sa pinaka-unang naapektuhan nito ang marami pong negosyo sa bansa. Kaya naman upang kumustahin ang lagay ng business community makakausap po natin si Philippine Chamber of Commerce and Industry Ambassador Benedicto Yujuico. Magandang umaga po.

**AMB. YUJUICO:** Good morning to all of you.

**USEC. IGNACIO:** Sir, upang tulungan po ang ating maraming business owners na makabangon po sa epekto po ng community quarantine, hinikayat po ninyo ang BSP at iba pang financial institution na suportahan po at tulungan ang mga corporate at individual borrowers po na naapektuhan ng COVID-19. Ito po ay sa pamamagitan ng pagbibigay ng regulatory relief measures. So, ano po ang nais ninyong ipanawagan sa kanila?

**AMB. YUJUICO:** Ang ating mga financial and non-financial institutions ay dapat maunawaan nila na ang panahon ngayon ay hindi kamukha noong normal, na tayo ang economy natin, ang analogy diyan is nasa emergency room tayo, kailangan natin ng special tulong at kailangan natin ang BSP para tulungan ang mga bangko, para iyong mga bangko makatulong sa mga Small and Medium Size Enterprises natin.

So, ang gusto ko sana noong una ay pipilitin through [garbled] iyong mga bangko to extend assistance. Pero I understand na mayroon din silang sinusunod na mga batas at regulasyon, so okay na sa amin. However, gusto namin sanang makita na talagang mayroong incentive sila na magpautang, because kailangan na kailangan natin ng credit sa mga Small and Medium Size Enterprises para maka-restart iyong ating ekonomiya at makapag-hire tayo noong ating mga workers, magkaroon sila ng suweldo pambili ng pagkain, pambili ng medisina at iba pa.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Ambassador, nito pong Huwebes ay inaprubahan po sa ikatlong pagdinig ng House of Representatives ang House Bill 6815. Ito po iyong tinatawag na Accelerated Recovery and Investments Stimulus for the Economy or ARISE. Gaano po kahalaga ang agarang pagsasabatas sana nito?

**AMBASSADOR YUJUICO:** Napakahalaga [garbled] naaprubahan [garbled] ay matatagalan iyong paghihirap ng pagbalik ng ekonomiya ng Pilipinas at pag-hire ng ating mga empleyado. Ngayon, mayroong mga components iyan na very important para sa [garbled]. For example, maraming idadagdag doon sa tinatawag nating SB Corporations, Small Business Guarantee Corporation. Maglalagay sila ng malaking pondo [garbled]. Maglalagay din sila ng maraming pondo [garbled] kailangan na kailangan at hinihintay para sa ating economic recovery iyang mga stimulus at tulong ng gobyerno.

**BENDIJO:** Opo. Ambassador, may alok na limang milyon ang Department of Science and Technology (DOST) para po sa mga proyekto, iyong tinatawag na innovative projects. Iyan po ay nakatuon sa scientific and technological solutions na makakatulong para sa operasyon ng mga negosyo ngayong panahon po ng new normal. Ano po ang masasabi ninyo tungkol diyan?

**AMBASSADOR YUJUICO:** Iyan ay napakaimportante, itong konsepto ng innovation – very, very important. In fact, iyan ang ginagamit ng PCCI as advocacy. Kasama kahapon sa isang Zoom meeting si [garbled] Boy Dela Peña, at kinukuwento niya doon iyong kaniyang mga kapital na binibigay sa mga [garbled] na maganda iyong mga idea.

So it is very, very laudable na ginagawa natin ito para iyong mga bata natin ay hindi na kailangang pumunta sa ibang bansa para mahanap iyong kanilang mga [garbled] na dito, ang gobyerno natin is recognizing iyong talent ng mga Pilipino [garbled] together with the help of Department of Trade, together with private sectors. Tinutulungan ko rin itong mga kumpanyang maliliit na ito na nag-i-start up para sila ay makapagtayo ng mga business nila at mag-hire ng empleyado.

Magandang-magandang concept iyong ginagawa ni Sec. Boy Dela Peña. At iyan kami ay hundred percent behind that concept.

**BENDIJO:** Opo. Iyon pong mga nauna ninyong mga proposals, mayroon din 'no, itong mga recovery plans para makabawi ang ilang mga negosyo, ang PCCI, na maaaring puwedeng i-adopt ng mga negosyo, mga businesses sa kanilang pagbabalik operasyon ngayong new normal?

**AMBASSADOR YUJUICO:** Yes, mayroon kaming mga suggestions sa kanila. For example, kailangan ay umiisip sila [garbled] iyong mga restaurants ngayon ay hindi sila puwedeng magbukas, pero sa June 15 ay puwede na ang dine-in. Eh lahat sila ngayon ay humahanap ng sistema so that they can increase iyong kanilang revenues.

So mayroon silang mga home delivery business na itinatayo na, I understand, that is growing very, very quickly. In fact, [garbled] na kung tawagin nila with innovation Cloud Kitchen(?). Itong mga cloud kitchen ay walang dine-in ito, puro order and take out at iyan ang gagamitin nila to augment iyong kanilang lost revenues because of this COVID-19 pandemic.

So marami pa silang dapat gawin, marami pa kaming [garbled] sa kanila because ang sabi namin, gawin ninyo lahat ang innovation because eventually ay makakabangon tayo dito and the idea is you stay alive [garbled] months to eight months, bubuti ang ekonomiya natin.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, Ambassador, ito pong minimum health protocol po kasi na kailangan talagang sundin ng ating mga business owners, inaasahan po iyong …siyempre magkakaroon po ng adjustments sa kanilang pagbabalik operasyon. Pero gaano po kalaki ang magiging impact nito pagdating doon sa production cost ng isang business?

**AMBASSADOR YUJUICO:** Again, (unclear) natin iyong example ng restaurant, itong 30% lang ang papayagan sa dine-in, you know, you don't have to be a genius – malulugi pa rin sila. Pero they can keep their business open because hindi naman forever magiging 30% iyan eh. Kapag bumubuti na iyong sitwasyon natin laban sa COVID [garbled]. That's why kailangan nilang [garbled] para masustentuhan sila during this difficult period.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Medyo lumalabo po ang linya ninyo, Ambassador. Pero marami pong business sector nga ang umaaray at napilitang magsara dahil sa pagkalugi ng kanilang mga negosyo. Pero sa kabila niyan ay nag-alok nga po ng tulong ang DOF sa ilalim po ng SBWSP. As of today, gaano na po ba karami ang natulungan nito lalo na po iyong dami ng miyembro ng MSME na nangangailangan ng tulong pinansiyal?

**AMBASSADOR YUJUICO:** Marami na rin pero hindi pa sapat. I'll just give you some numbers, iyong ating mga businesses na maliliit, total 1.3 million. Ang mga loans na nabigay na ng SB Corporation so far, total is 110,000. So marami pang loans na dapat sana maibigay doon sa mga maliliit na business.

**BENDIJO:** Opo. Ambassador, kilala po ang mga Pilipino bilang resilient. At bilang Pangulo po ng PCCI, ano ba ang naging obserbasyon ninyo sa naging alternative at innovative response ng iba't ibang businesses sa gitna po ng community quarantine?

**AMBASSADOR YUJUICO:** Well, itong mga negosyante natin especially, kunyari doon sa travel and leisure and health ay hindi iyan... hindi sila … tayo, hindi nakaupo at naghihintay ng tulong. Tayo, gumagawa tayo ng mga programa somehow para makatulong tayo without waiting for government assistance.

For example, kahapon gumawa kami ng advocacy or nag-umpisa ng advocacy na tinatawag na Pinas Muna Tayo. Ang ibig sabihin is, let's buy Philippine-made products first. Let's patronize iyong mga Philippine tourism, Philippine (unclear), mag-travel tayo kapag puwede nang mag-travel. Iyon munang mga Filipino, bilihin natin iyong mga Filipino arts and crafts. Iyan po ang mga ginagawa namin sa PCCI, in conjunction with the Department of Trade, Department of Tourism, Department of Science and Technology. May ginagawa naman tayo.

So for now, ang aming rallying cry po is Pinas Muna Tayo. Pinas sa travel. Pinas sa shopping. Pinas sa pagkain. Makakatulong po iyan maski papaano.

**BENDIJO:** Opo. Ambassador, pagdating naman sa paglipat ng ilang negosyo ngayon online – nauso na po iyan ngayon. Ano ba iyong mga pros and cons ng online transaction? Ano po iyong dapat na ikonsidera ng isang negosyante kapag online transactions na po? At kung -pabor ba kayo dito sa pagpaparehistro ng online business sa BIR?

**AMBASSADOR YUJUICO:** Of course, kailangan natin iyan. You know, iyong ating ginagamit na pera pang-social amelioration funds, for example, pang-recover, inuutang lang natin iyan;

kailangan bayaran iyan. And kailangan magkaroon tayo ng sources of revenue so kailangan irehistro iyong mga online businesses na iyan para somehow makatulong sila doon sa ating revenue side ng gobyerno.

So, I hope na marirehistro iyan. At kami naman, ang gobyerno naman, 100% tinutulungan iyong mga online businesses. For example, ang Department of Trade, iyan ay mayroon silang plataporma na tumutulong sila sa mga maliliit na negosyo para madala sa online iyong kanilang business.

So, tumutulong naman ang gobyerno so I hope na iyong mga nag-uumpisa ng online business will appreciate this at huwag mag-hesitate maparehistro iyang business nila at magbayad din sila kung anuman iyong VAT at saka taxes due doon sa kanilang pagbebenta ng mga online products.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Ambassador, siguro iyong maipapayo ninyo na lamang po at mensahe ninyo sa mga may-ari po ng negosyo na nawawalan ng pag-asang ipagpatuloy ang kanilang hanapbuhay? Paano natin sila susuportahan po sa ganitong panahon?

**AMBASSADOR YUJUICO:** Huwag kayong—ako, ang aking payo is huwag kayong mawawalan ng pag-asa. Hindi naman forever itong hirap natin. Lahat ay nagtutulung-tulong para makaalis tayo dito sa hirap natin. And within six months—ako, I’m pretty sure, six months we will be much, much better. Kung pasyente tayo sa hospital, kung nasa emergency room ngayon ay within three months siguro nandoon na tayo sa recovery room and within six months, hopefully, makakabalik na tayo sa bahay at bitamina na lang ang iinumin natin imbes na naka-intubation tayo pareho ngayon.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Maraming salamat po, Philippine Chamber of Commerce and Industry President Ambassador Benigno Yujuico.

**AMBASSADOR YUJUICO:** Benedicto. Thank you.

**USEC. IGNACIO:** Sorry po, Benedicto.

**AMBASSADOR YUJUICO:** Okay.

**BENDIJO:** At mula naman sa PTV Davao, may report si Clodet Loreto. Clodet?

[NEWS REPORTING BY CLODET LORETO]

**BENDIJO:** Daghang salamat, Clodet Loreto.

**USEC. IGNACIO:** Samantala, muli po nating balikan si FENIX Chairman Eduardo Yap. Magandang tanghali po o umaga, Chairman.

**CHAIRMAN YAP:** Yes, opo, magandang tanghali.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Kami po ay humihingi ng paumanhin, kanina tayo po ay naputol. Salamat po.

**CHAIRMAN YAP:** Wala pong problema.

**USEC. IGNACIO:** Salamat po. Chairman, anu-ano ba ang pag-aaral po na isinasagawa ng inyong samahan, iyon pong maaaring makatulong sa muling pagpapatakbo na talagang tuluyan pong makakabangon ang ating ekonomiya?

**CHAIRMAN YAP:** Okay. Unang-una, iyong sinabi ko kanina, itong problema natin ay health related, COVID-related. So ang pinakaimportante na kinakailangang i-build up natin ay iyong kumpiyansa ng empleyado natin at iyong mga costumers natin. Kaya para dito, ang kailangan ay iyong tinatawag na anti-COVID health protocols. Kabisado na natin kung anu-ano iyang mga iyan, mga protocols na iyan, kailangan sundin po natin lahat iyan.

Dahil kung walang kumpiyansa ang ating empleyado sa ating establisyimento, hindi po sila papasok; at iyong mga costumer natin, hindi rin sila darating. Kaya iyan ang kauna-una na kailangan pong gawin natin - i-address po natin iyang health issue. We have to build confidence so that the demand will be developed at darating po iyong demand ng mga costumers.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Chairman, dahil nga po talagang hamon na dala ng COVID-19, isa po sa naging hamon nga sa mga negosyante iyong pagbabalik operasyon nila. So paano ba nila dapat po pag-aralan iyong atin pong consumer behavior dahil hindi na pupuwede talaga iyong face-to-face at dapat talaga dumaan muna sa training o seminar iyong mga staff bago po magbukas ulit?

**CHAIRMAN YAP:** Tama po iyan, tama po iyan. Kailangan we have to adapt to the new normal. Sabi mo nga, wala na iyong face-to-face muna, at kung mayroon man ay kinakailangan ay may mga protective measures tulad ng ginagawa ng iba, mayroong barriers ‘no.

At iyong … we have to be innovative. We have to adjust and we have to make use of the internet, online. Marami na ang naka-adapt niyan. At mga dating mga may tindahan, tumatanggap na sila ng mga orders via online and they do home to home deliveries, iyan ay isang makakatulong. At may mga negosyante, nag-report sila na ang kanilang revenue ay tumaas nang hanggang 65% ng normal dahil diyan sa mga online at home deliveries.

So we have to adjust to this new normal. At hindi naman tatagal ito kasi tulad ng sinabi ko kanina, temporary po ito at health related. At iyong vaccine na iyan, ang projection ay by late this year ay magkakaroon na ng vaccine; and even the cure is on the horizon. Oras na magkaroon niyan, babalik ang ating economy. Dahil noong pumasok tayo dito sa crisis na ito,

napakamatatag ang ating economy. We have the second highest growth in Asia. At ating tinatawag na fiscal health ay napakaayos.

Samakatuwid, iyong—just the other day, the Philippine credit rating agency, tinaas, in-upgrade ang credit rating natin. Mula sa BBB+, naging A- na, kaya investment grade tayo. Anong ibig sabihin nito? Ang ating gobyerno can sell bonds, okay, whether here in local market or the international financial market. And then ang interest cost po ng government borrowings natin ay lalong bababa. Malaking tulong po sa economy natin iyan. Kaya natutuwa ang private sector na sa gitna nitong crisis ay nagkaroon pa tayo ng credit rating upgrade.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Chairman, dahil nga po doon sa pagbubukas na rin ng ilang mga negosyo, kayo po ay naghain ng proposal sa Department of Transportation doon po sana sa pagpapatupad ng organized mass transportation sa EDSA o pagkakaroon ng epektibong mass transportation sana. Ano po ang magiging epekto nito sa ekonomiya at sa malaking pagbabago sa ating transportation system sa EDSA po?

**CHAIRMAN YAP:** Oho, napakalaki kasi alam naman natin iyong traffic congestion at iyong problema sa mass transportation ay napakalaking hadlang sa ating ekonomiya. In fact, bago ito, ang kada araw na tinatawag na economic opportunity losses ay umabot ng three billion o baka mas higit pa diyan – three billion per day.

**FINEX CHAIRMAN YAP:** [CONT] So just imagine, kung matanggal natin o mabawasan natin iyang hadlang na iyan ay makakatulong nang malaki sa ating gobyerno.

Now, tungkol dito sa transportation reform, ang sinasabi ko ito ay isang pinaka-bold historic game-changer na reforms na ginagawa ngayon ni Secretary Tugade sa ilalim ng Department of Transportation.

Ano itong mga reporma na ito? Number one, iyong tinatawag na Franchise Rationalization. Alam naman natin na sa nakaraang mga dalawampu o tatlumpung taon, napakaraming prangkisa ang binigay sa mga operators at kinakailangan i-rationalize ito.

Pangalawa, iyong tinatawag na route restructuring. Tulad ng EDSA, napakaraming bus kung saan-saan galing ay dumadaan sa EDSA. Ngayon at ang sistema, magiging isang ruta lamang sa EDSA mula dulo at dulo, isang ruta lamang. Kaya iyong mga ibang bus na galing sa ibang lugar ay hihinto muna sila doon sa tinatawag na masakyan, ma-transfer doon sa EDSA line. Iyan ang sistema sa ibang bansa. Maski na sa—kabisado tayo sa Hong Kong, iyong subway, hindi naman tayo makakasakay from one point all the way to another point 'no, we have to transfer. So iyan ang isa sa mga reporma na ginagawa ngayon.

Pangatlo, iyong paglipat noong bus lane mula doon sa tabi ng sidewalk, nilipat sa loob, sa innermost lane. Iyang tatlong measures, these are what I say complementary measures na

hindi maaring gawin mo iyong isa, hindi mo gawin iyong iba at hindi—you cannot sustain the improvement 'no.

Now itong tatlong complementary measures, iyan po ang ginagawa ngayon ng DOTr at dahil diyan, makikita po natin; ako, sinubukan ko iyong bagong bus lane noong nag-umpisa. Mula sa EDSA North hanggang sa Ayala Makati, sumakay ako ng bus at inabot lang ako ng 27 minutes nakarating na ako. Kaya malaking bagay po ito sa mga pasahero natin at imbes na nandoon lang sila nakabinbin sa loob ng bus nang kung ilang oras ay makakarating sila kaagad.

So anong ibig sabihin po nito? Iyong this translates to higher productivity. Ang mga tao natin maging more productive, they will be more healthy, ang kanilang immune system will be better so that they can resist itong COVID na ito o iyong ibang sakit, maski na anong ibang sakit 'no. So malaking tulong po ito sa economy natin.

Iyong mga deliveries halimbawa, dati-dati mga negosyante, kinakailangan bumili sila nang maraming truck upang makakabiyahe kung iyong nangangailangan sa isang araw. Pero kung maging episyente at mabawasan iyong traffic, ay iyong magiging mas marami iyong biyahe magagawa nila at deliveries 'no. So in short, productivity will go up. Iyan po ang tulong ng traffic at transportation.

Pero kailangan banggitin ko isang problema. Sa bus way, malaking improvement pero doon sa tinatawag na car lanes, kinakailangan gumawa rin ng reporma diyan dahil nakikita po natin iyong coding system natin ay hindi epektibo. Ang nangyayari, mga motorista bumibili lang ng bagong sasakyan upang magkaroon ng—makakuha ng ibang plate number para maiwasan iyong coding. It does not help.

Ang mas epektibong sistema, iyong tinatawag na quantitative reduction measure, okay. Iyong sa Singapore, iyong tinatawag na congestion fee charges at bago ka makapasok sa inner city, iyong kung halimbawa isa o dalawa lang nakasakay sa kotse, kailangan magbayad ka ng isang tinatawag na congestion fee. At ngayon kung gusto mong iwasan iyang bayad na iyan, then do not go to the city inner core during peak hours.

Kaya that's why it regulates, it modifies the behavior of motorists kaya makakatulong po iyan at kinakailangan ang MMDA pag-aralan po nila nang mabuti itong coding system at iyong possible replacement by the Singapore system.

**BENDIJO:** All right. Chairman Yap, maraming salamat po. Si Chairman po ang Financial Executive Institute of the Philippines at National Affairs Committee Chairman. Thank you Chairman Eduardo Yap.

**FINEX CHAIRMAN YAP:** Salamat. Okay, thank you.

**BENDIJO:** Sige po. samantala, muli nating makakausap si Department of Health Undersecretary Maria Rosario Vergeire upang magbigay po ng COVID update. Magandang araw po, Usec.

**USEC. VERGEIRE:** Good morning po, sir.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec. question po mula sa ating kasamahan sa media, unahin na po natin. From Red Mendoza of Manila Times: Sa pag-expand natin ng testing to other sublevels like frontliners aside from healthworkers and high risk and immunocompromised individuals, does it mean na may mga data po tayo na tinamaan din sila ng COVID at ilang porsiyento daw po ito?

**USEC. VERGEIRE:** Yes ma'am. Good morning Usec. Rocky 'no. Sa pagkakasama po natin dito sa ating mga subgroups E and subgroup F, ito po iyong bago nating protocol for expanded testing. Tayo po ay nagko-consider na itong mga grupo na ito ay high risk for having this kind of disease. Unang-una po, iyong mga ibang frontliners, sila iyong exposed din doon po sa ating mga possible na probable suspects and confirmed cases kaya po sila isinama.

Pangalawa po, iyong atin pong mga immunocompromised, iyong mga pasyente natin na nagda-dialysis, nagki-chemotherapy, iyong atin pong mga persons deprived of liberty, sila naman po iyong mga high risk individuals that we also consider vulnerable kasi 'pag tinamaan po sila ng sakit, mas malala po ang nagiging komplikasyon sa kanila kaya po sila ay sinama natin.

Mayroon ho tayong mga iba't ibang datos ukol dito, magbibigay impormasyon tayo sa public through our sitrep in the coming days po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Mula naman kay Ara Perez ng ABS-CBN: Gaano po daw katotoo na puwede ang airborne transmission sa COVID-19 and para mapigilan po ang pagkalat nito through wearing face mask? Quoting a CNN international article na: "*The new coronavirus spreads mainly via airborne transmission and wearing a mask is the most effective way to stop person-to-person spread according to a new study.*" Researchers daw po from Texas and California ang nag-conduct ng study.

**USEC. VERGEIRE:** Yes, Usec. 'no. Itong mga ganitong ebidensiya, kailangan pa hong masuportahan ng mas malawak na ebidensiya para masabi ho natin talaga na ang virus na ito can be spread through airborne. Sa ngayon po, ang ating mga eksperto pati po ang WHO, CDC, ang kanila pa rin pong ebidensiya ay droplet infection po through close contact.

Kaya po iyong wearing of mask talagang kailangan dahil nga po ito pong droplet infection na ito ay maaring mag-travel nang mga isang metro o 6 feet away 'no. So kailangan lang ho nakaprotekta ang ating mga kababayan, nakasuot ang mask para hindi sila mahawa.

So kung sakali pong maglabas pa ng additional evidence in the coming days, malalaman po natin ito ‘no at ito naman ipagbibigay-alam at magkakaroon ng information coming from the international experts para po tayo ay maka-align sa ating mga protocol.

**USEC. IGNACIO:** Opo. May tanong mula kay Pia Rañada ng Rappler. Siguro po kayo ay may sagot din dito: What is the IATF daw po recommendation to PRRD kaugnay ng quarantine measures after June 15? Can you verify messages on social media that claims na back to ECQ daw po for Metro Manila, Cebu and Laguna on June 16?

**USEC. VERGEIRE:** Usec., wala pa ho tayong nailalabas na IATF recommendation ukol dito sa ating June 15 na decision. So lahat po ng lumalabas sa ngayon, wala pa ho iyang basehan. Hintayin na lang ho natin na makapagbigay-impormasyon sa atin ang Office of the President pagkatapos po magbigay ng IATF recommendations sa Lunes po, on June 15.

**BENDIJO:** Opo. Usec. Vergeire, may mga katanungan ang kasamahan natin dito sa PTV. Ano po ba iyong dapat gawin ng mga asymptomatic na mga pasyente? Kinakailangan pa rin ba nilang mag-self quarantine?

**USEC. VERGEIRE:** Unang-una po, ang kailangan nilang gawin is to inform their local officials about their condition, kung nakakaramdam po sila ng mga sintomas, kailangan pong ipagbigay alam sa mga local officials; makipagkonsulta rin po, maaari pong through tele-medicine iyan; and the third, importante na ma-isolate po iyong mga symptomatic individuals po natin.

Pero magagawa po natin ito ng tama kung sila ay makikipag-coordinate sa ating mga local health officials para mabigyan po sila ng tamang abiso kung ano po ang dapat nilang gawin.

**BENDIJO:** Opo. May mga nagrereklamo pa rin, Usec, kaugnay sa mga ospital na tumatanggi sa pagtanggap ng mga non-COVID patients. Ano ba iyong mga aksyon ginagawa natin, ng inyong department tungkol sa ganitong mga ulat? May mga ospital na bang naparusahan ang Department of Health dahil po sa mga kasong ito?

**USEC. VERGEIRE:** Yes, sir. Actually tayo po ay nagpalabas na ng advisory ukol dito na kahit na anong ospital whether public or private wala po tayong authority para tumanggi sa mga pasyente dahil mayroon naman tayong batas para dito.

Kung saka-sakali hindi kaya ng kanilang ospital or walang capacity ang ospital for the specific condition kailangan mo lang i-stabilize ang pasyente, asikasuhin at saka i-refer. Ngayon kung ire-refer nila outside of their hospital to another hospital, they should be the one to coordinate that. So iyon po ang nakalagay sa ating batas.

Tayo po ay nag-iimbestiga na ngayon ng mga ospital, na nakapaghain na po ng complaints ang ating mga kababayan ukol sa iba’t ibang ospital na ito. All of these are under

investigation and once we found na mayroon pong violation, we will be providing the appropriate sanction for these hospitals.

**BENDIJO:** Usec, this is Aljo Bendijo pansamantalang humahalili po kay Secretary Martin Andanar.

Usec, sa pagharap po natin sa new normal, bilang protection sa COVID-19, ang pagsuot ng face mask ay parte pa rin ng ating araw-araw na pamumuhay. At kaugnay diyan ay may mga mahahalagang punto rin ang dapat isaalang-alang ang ating mga kababayan sa pagsusuot po niyan. Anu-ano po ito, Usec?

**USEC. VERGEIRE:** Yes, sir. Unang-una, gusto naming ipaalala sa ating mga kababayan sa bawat labas po natin ng bahay kailangan nakasuot na po tayo ng facemask. This is our new normal. Pero hindi ibig sabihin na kapag sinabi nating isuot ang facemask, ilalagay lang sa baba. Kailangan ho, kaya tayo nagsusuot ng facemask ay nakatakip pareho dapat ang ilong at bibig para maiwasan ang makapanghawa o di kaya mahawa doon sa sakit na ito.

Pangalawa, kailangan din po alam po natin kung anong klaseng facemask ang isusuot natin. Hindi po natin nirerekomenda ang mga N95 o kaya mga medical mask para po doon sa community natin. Kapag sa community pinapayagan na lang po natin itong mga cloth mask para ma-preserve po natin ang stocks and supplies of these medical mask and N95 mask to our healthcare workers who are really in need of these mask. Alam naman po natin may shortage ngayon.

So paalala lang po sa ating mga kababayan, gamitin po ng maayos ang facemask para po tayo ay hindi mahawa at hindi rin po tayo makapanghawa.

**BENDIJO:** Usec, hindi pa rin nawawala iyong mga tanong ng ating mga kababayan kung tuluyan na bang nagpa-flatten iyong curve ng hawaan po ng COVID-19 sa Pilipinas?

**USEC. VERGEIRE:** Yes, sir. Ito po ay pinag-aaralang mabuti ‘no at katulad nga nasabi ko kanina, on June 15 magbibigay na po ng final na recommendation ang ating Inter-Agency Task Force to our President and dito po makakapaglahad tayo ng ating mga indicators kung ano na po sila ngayon like the case doubling time and the critical care utilization rate. Dito po natin makikita at mapapagbasehan para masabi natin kung ang ating curve ay tumataas, bumababa o nagpa-flatten. So antayin lang po natin sa Lunes at magbibigay impormasyon po tayo sa lahat pagkatapos nito.

**USEC. IGNACIO:** Usec, may follow up question diyan. Sa inyo pong opinion o pag-aaral dahil nga kung makikita daw po ninyo na medyo talagang bumilis na naman iyong tinatawag na doubling time, possible ba daw po tayong bumalik ulit sa ECQ?

**USEC. VERGEIRE:** Wala pa po tayong inilalabas, wala pang basehan para masabi kung bumilis ba o bumagal ang doubling time. As I said, we will be issuing out all of these information on Monday.

Ang sinasabi lang po natin na kailangan pa rin po vigilant tayo, mag-iingat pa rin tayong lahat at hindi po natin alam kung ito ay tumataas na o bumababa. Ang kailangan lang po, whether it be tumaas o bumaba patuloy pa rin po iyong mga ginagawa nating mga preventive measures para tuluy-tuloy po nating malabanan ang COVID-19.

**USEC. IGNACIO:** Usec. Ano na lang po ang paalala ninyo o puwede nating sabihin babala sa ating mga kababayan tungkol doon sa pagbili at paggamit naman po ng uncertified COVID-19 antibody test kit?

**USEC. VERGEIRE:** Yes, Usec. Lumalaganap na po ang pagbebenta at paggamit nitong rapid antibody test, nakikita na po natin sa mga online sellers na nagbebenta sila. Kailangang pong maging sigurado ang ating mga mamamayan sa paggamit nito.

Unang-una, kailangan po registered po ng FDA iyong mga ginagamit nating rapid antibody test. Pangalawa, hindi porke registered ng FDA ay tama na po at maayos ang sensitivity at specificity na sinasabi natin ano. When we say its sensitive and specific, ibig sabihin accurate po iyong mga resultang makukuha ninyo diyan sa mga test na iyan.

So, kailangan po may validations pa po ng RITM itong mga rapid antibody test at ang RITM po ang makakapagbigay ng rekomendasyon kung anu-ano pong mga rapid antibody test sa market ang highly sensitive and highly specific that will provide accurate results po para sa mga test na ito.

So, kailangan po sigurado tayo, it's FDA registered and RITM validated bago po tayo gumamit nitong rapid antibody test na ito.

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat po sa inyong oras, Department of Health Undersecretary Rosario Vergeire.

Samantala, inilunsad po ng pamahalaan noong May 20, 2020 ang Balik Probinsya Bagong Pag-asa Program upang matulungan ang ating mga kababayan na nais nang makauwi sa kani-kanilang probinsya. Pansamantala po itong ipinagpaliban upang magbigay daan naman ang Hatid Tulong Program para sa mga stranded sa Maynila sa panahon po ng community quarantine, para sa ibang detalye panuorin po ito.

(VIDEO PRESENTATION)

**USEC. IGNACIO:** Samantala, dumako naman tayo sa pinakahuling tala ng DOH kaugnay sa COVID-19 cases sa bansa. As of June 12, 2020, 4 P.M. umabot na po sa 24,787 ang confirmed

cases; habang nasa 1,052 naman po ang bilang ng mga nasawi. At patuloy naman po ang pagtaas ng bilang ng mga gumagaling na pumalo na sa 5,454.

Kaya naman mahigpit pa rin ang pinapaalala sa lahat ng physical distancing, pagsusuot ng facemask at palagiang paghuhugas ng kamay. Hangga't maari kung hindi naman kinakailangan, huwag na munang lumabas ng bahay. Ibig sabihin bahay muna, buhay muna.

At iyan po ang mga balitang aming nakalap ngayong araw ng Sabado. Maraming salamat po sa paglalaan ng kanilang mga oras sa pagbigay linaw sa mga impormasyon na mahalagang malaman ng ating mga kababayan. Salamat sa iyo, Aljo.

**BENDIJO:** Walang anuman, Usec, maraming salamat din sa tiwala. Ang Public Briefing ay hatid po sa inyo ng iba't-ibang sangay ng Presidential Communications Operations Office sa pakikipagtulungan ng Department of Health at kaisa ng Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas, KBP. Asahan ninyo ang aming patuloy na pagbibigay ng impormasyon kaugnay sa mga updates sa ating paglaban sa COVID-19. Sa ngalan po ni Secretary Martin Andanar, ako po si Aljo Bendijo.

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat din sa Filipino Sign Language Access Team for COVID-19. At mula pa rin sa Presidential Communications Operations Office, ako po si Usec. Rocky Ignacio. Magkita-kita po tayong muli sa Lunes dito lang sa Public Briefing #LagingHandaPH.

##

***SOURCE: PCOO-NIB (News and Information Bureau-Data Processing Center)***